7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan

Kwarter 1

Linggo 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

MATATAG

BAGONG PILIPINAS

ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 1: Ang Heograpiya ng Timog Silangang Asya**
**Linggo 2 : Heograpiyang Pantao ng Timog Silangang Asya**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Development Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Jean L. Danga, Ederlina D. Baleña |
| **Content Reviewer:** | Ricardo P. Makabenta |
| **External Content Validator:** | Dr. Ma. Victoria Culminas-Colis, Ruben Jeffrey Asuncion |
| **External Language Validator:** | |
| **Illustrator:** | Romdel F. Partoza, Nathaniel DC. Del Mundo |
| **Layout Artist:** | Allan E. Medenilla, Raphael A. Lopez, Albert James Macaraeg |

**Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Markahan** | Una |
| **Linggo** | Pangalawa | **Araw** | Unang Araw |
| **Pamagat/Paksa ng Aralin** | Heograpiyang Pantao ng Timog Silangang Asya (Pagkakaiba ng Kalinangan) | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**Pamagat/Paksa ng Aralin:**

Heograpiyang Pantao ng Timog Silangang Asya (Pagkakaiba ng Kalinangan)

**Pamantayan sa Pagkatuto:** Nasusuri ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa pangkat etnolinggwistiko, pananampalataya, estraturang panlipunan at ugnayang pangkapangyarihan.

**Layunin:** Naipaliliwanag ang Heograpiyang Pantao ng Timog Silangang Asya (Pagkakaiba ng Kalinangan)


**Kagamitang Kailangan:** Sangguniang Aklat, Powerpoint Presentation, mga larawan, at video

**Laang-panahon para sa gawain:** Ang mga gawain ay kinakailangang maisagawa sa loob ng dalawang araw.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang panuto sa bawat gawain. Kung may bahagi ng panuto na hindi malinaw sa inyo, maaring sabihin sa iyong guro o sa kasama sa gawain para sa karagdagang paliwanag. Sa gawaing na pangkatan mahala ang koordinasyon sa kasama sa proyekto. Tiyakin na magkatugma ang inyong mga plano at hakbang.

**Gawain 1: Concept Map**

**Panuto:** Isulat sa bilog na nasa ibaba ang mga salita na maaaring iugnay sa Heograpiyang Pantao.






Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Gawain 2: Panoorin Natin!**


**Panuto:** Panoorin ang video sa YouTube (DepEd TV) na ibibigay tungkol sa komposisyon ng Pangkat Etnolinggwistiko sa Asya.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Ano ang napansin mo sa katangian at kultura ng mga Asyano sa larawan? Pare-pareho ba sila? Bakit?
2. Ano ang pangunahing pagkakakilanlan ng mga Asyano?
3. Ano ang tawag sa pagpapangkat sa mga Asyano?
4. Ano ang batayan ng pagpapangkat ng mga Asyano?
5. Bakit magkakaiba ang kultura at wika ng mga Asyano?
6. Nakaaapekto ba ang pagkakaiba-iba ng kultura at wika ng mga Asyano sa pagbuo at paghubog ng kabihasnang Asyano?


**Gawain 3:**

**Panuto:** Gamit ang Venn Diagram, ibigay ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Heograpiyang Pisikal at Heograpiyang Pantao.




**Gawain 4: Konklusyon ko**

**Panuto:** Batay sa pagtalakay ukol sa Heograpiyang Pantao, gawan ito ng isang buod kung ano ang heograpiyang pantao para sa iyo at bakit ito mahalaga?



**Panuto:** Pillin ang letra ng wastong sagot.

1. Ito ay tumutukoy sa pag-aaral sa ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran.
   a. Heograpiya b. Pisikal na Heograpiya c. Heograpiyang Pantao d. Topograpiya



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

2. Ano ang pangunahing layunin ng pag-aaral ng heograpiyang pantao?
    a. Katangiang Pisikal ng daigdig
    b. Likas na yaman at ecosystems
    c. Paglago ng Kabihasnan at interaksiyon ng tao sa kaniyang kapaligiran
    d. Pagbabago sa klima at panahon
3. Paano nakaaapekto ang klima sa paninirahan ng tao sa isang lugar?
    a. Walang kaugnayan ang klima sa desisyon ng tao kung saan siya maninirahan.
    b. Higit na ninanais ng tao na tumira sa lugar na sobrang lamig/init.
    c. Ang katatamtamang klima sa isang lugar ay nakahihikayat sa tao na manirahan dito
    d. Lahat ng nabanggit
4. Alin sa sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa heograpiyang pantao?
    a. Ang pamumuhay ng tao ay batay sa kaniyang kapaligiran
    b. Ang kasuotan ng tao ay ibinabagay nya sa klima sa kaniyang lugar
    c. Mahirap matamo ang tunay na pagkakaisa sa isang bansang pulo-puloan
    d. Lahat ng nabanggit
5. "Ang pagpapangkat ng tao batay sa wika, tradisyon at iba pa ay bahagi sa pag-aaral ng heograpiyang pantao." Ang pahayag na ito ay ______.
    a. Tama    b. Mali    c. Hindi Tiyak    d. May kulang sa pahayag

**Sarili Suri**

1. Kilalanin ang sarili batay sa paksang tinalakay. Itala ang mga bagay ukol sa iyo na may kinalaman sa pakikipag-ugnayan mo sa kapaligiran. Maaari mong kapanayamin ang iyong magulang ukol dito.
   **Halimbawa:**

   Bakit kayo naninirahan sa kasalukuyang tinitirhan? Paano kayo napadpad sa kasalukuyang tirahan? Gaano na kayo katagal sa naturang lugar? Ano ang dahilan ng paglipat ninyo sa lugar na iyon? Ano ang trabaho ng iyong magulang? Atbp tanong kaugnay nito.

**Tala para sa Guro:**

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet/Worksheet ay mga mungkahi lamang; maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag- aaral.

**MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Markahan** | Una |
| **Linggo** | Pangalawa | **Araw** | Ikalawang Araw |
| **Pamagat/Paksa ng Aralin** | Pangkat Etnolinggwistiko sa sa Timog Silangang Asya (Insular) | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**Pamagat/Paksa ng Aralin:**

Pangkat Etnolinggwistiko sa sa Timog Silangang Asya (Insular)

**Pamantayan sa Pagkatuto:** Nasusuri ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa pangkat etnolinggwistiko, pananampalataya, estraturang panlipunan at ugnayang pangkapangyarihan.

**Layunin:** Nailalarawan ang Heograpiyang Pantao ng Timog Silangang Asya batay sa Pangkat Etnolinggwistiko (Insular) Kagamitang Kailangan: Sangguniang Aklat, ppt. larawan, at video

**Laang-panahon para sa gawain:** Ang mga gawain ay kinakailangang maisagawa sa loob ng dalawang araw.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang panuto sa bawat gawain. Kung may bahagi ng mga panuto na hindi malinaw sa inyo, maaaring sabihin sa iyong guro o sa mga kasama sa gawain para sa karagdagang paliwanag. Sa mga gawaing na pangkatan mahalaga ang koordinasyon sa kasama sa proyekto. Tiyakin na magkatugma ang inyong mga plano at hakbang.

**Gawain 1: Panoorin Natin**

Magpapanood sa youtube tungkol sa komposisyon ng Pangkat-etnolinggwistiko sa Asya.

(DepEd TV) https://youtu.be/SxJ9DdS_hOg

**Gawain 3: Panuto: Basahin ang sumusunod na teksto**

**Pangkat ng mga Etnolinggwistiko sa Kapuluan ng Timog Silangang Asya**

Sa mismong pangalan pa lamang, nakikita na ang mga pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya ay may malalim na pagkakaiba sa larangan ng kultura, wika, relihiyon, at tradisyon. Narito ang ilan sa mga pagkakaiba ng mga pangkat-etnolinggwistiko sa mga bansa ng Timog Silangang Asya:

**Wika at Panitikan: Pilipinas:**

Makikita sa buong kapuluan ang iba't ibang wika tulad ng Tagalog, Cebuano, Ilocano, at iba pa. Ang mga akdang pampanitikan at epiko ay nagpapakita ng malalim na kasaysayan at kultura ng mga Pilipino.

Indonesia: Natatangi ang wika nila tulad ng Bahasa Indonesia. May mga epikong gaya ng Ramayana at Mahabharata na nagpapakita ng kahalagahan ng relihiyon at kasaysayan sa kultura ng Indonesia.

**Relihiyon at Pananampalataya: Pilipinas:**

Malakas ang impluwensiya ng Kristiyanismo, partikular ang Roman Catholicism. Bahagi ng kultura ng mga Pilipino ang mga simbahan at ang mga relihiyosong pagdiriwang.

**Tradisyon at Kaugalian: Malaysia:**

Nakaugalian ang pagpapahalaga sa mga pamilya at tradisyon. Ang Ramadan ay mahalagang panahon ng pag-aayuno at pagninilay para sa mga Muslim.

**Sining at Arkitektura: Brunei:**

Makulay at dekoratibo ang kanilang sining at arkitektura. May mga matataas na minaret at malalaking pintuan ang mga gusaling Muslim nila.

**Pangkabuhayan at Pamumuhay: Pilipinas:**

Kilala ang mga Pilipino sa pagsasaka at pangingisda. Ang mga fiesta at iba't ibang kaganapan ay bahagi ng pang-araw-araw nilang buhay. Myanmar: Malalim ang tradisyon ng pagsasaka at pangingisda sa Myanmar. May impluwensiya ng Budismo sa kanilang pangkabuhayan.

**Pamumuhay at Kultura: Indonesia:**

Patuloy na umiiral ang tradisyonal na buhay sa mga nayon at kampo. Ang mga ritwal at seremonya ay bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay. Singapore: Modernong pamumuhay na may mataas na antas ng teknolohiya at urbanisasyon. Mahalaga pa rin ang mga tradisyonal a pagdiriwang sa kanilang kultura. Ang mga pagkakaiba sa kalinangan ng mga pangkat - etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya ay nagpapakita ng mayamang diversidad ng rehiyon. Ito ay nagbibigay-kulay sa bawat bansa at nagpapakita ng kanilang natatanging kasaysayan, tradisyon, at kultura.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Tanong:**

1. Ano ang mga pangunahing relihiyon sa Timog Silangang Asya at paano ito naipakikita sa kanilang mga kultura?
2. Ano ang mga halimbawa ng mga epikong nagpapakita ng kahalagahan ng relihiyon sa Indonesia?
3. Paano nailalabas ng mga katutubong tao sa Timog Silangang Asya ang kanilang katatagan sa harap ng pagbabago at globalisasyon. at paano ito nagpapakita ng kanilang natatanging kultura at ugnayan sa kalikasan?
4. Ano ang mga implikasyon ng modernisasyon sa mga pangkat – etnolingguwistiko sa Timog Silangang Asya, at paano sila umaangkop upang mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan at kabuoang pag-unlad?

**Gawain 4: TDAR Activity**

**Panuto:** Pumili ng isa sa mga pangkat- etnolinggwistiko mula sa mga bansang nakatala sa ibaba. Pag-aralan ang kanilang pamumuhay at kultura. Maaari din idagdag ang nasaliksik na impormasyon. Iulat sa klase ang inyong ginawang pagsusuri. Maaari ninyo itong ipakita sa iba't ibang malikhaing paraan.

Pangkat 1 – Pilipinas

Pangkat 2 – Malaysia

Pangkat 3 – Indonesia

Pangkat 4 – East Timor

Pangkat 5 – Singapore

**Gawain 5: Think – Pair – Share**


**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na katangungan. Magbahaginan ng mga kaalaman sa tekstong nabasa.

1. Ano ang naibahagi ko?
2. Ano ang iniisip ng kapareha ko?
3. Ano ang napagkasunduang ideya?

**Gawain 6: Venn Diagram**

**Panuto:** Ganit ang Venn Diagram, ilahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pangkatetnolinggwistiko sa kaupuluang Timog Silangang Asya ayon sa sumusunod:


**A.** Wika at Literatura:







Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph


**B.** Relihiyon at Pananampalataya:




**C.** Tradisyon at Kaugalian:





**D.** Sining at Arkitektura:



**Gawain 7: Freedom Wall**

**Panuto:** Isulat sa task card ang iyong mga natutuhan sa aralin. Idikit ito sa Freedom Wall.



**Gawain 8: Isabuhay**

**Panuto:** Ibigay ang saloobin o opinyon sa sumusunod na pahayag. Gawin ito sa sagutang papel. Bilang isang mamamayang Pilipino, paano ninyo pahahalagahan ang inyong mga rehiyon, tradisyon, wika, sining, pangkabuhayan at pamumuhay?

**Pagtataya/Repleksiyon**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na tanong na tumutukoy sa pangkat etnolingguwisitiko. Isulat ang letra ng inyong sagot sa sagutang papel.

1. Ito ay nag-uugnay sa pag-aaral ng kultura at wika ng isang partikular na pangkat ng mga tao.
   a. egolinggwistiko  b. etnolingguwistiko  c. lingguwistiko  d. ethnos
2. Saan matatagpuan ang pangkat etnolingwistio na Mamanwa?
   a. Indonesia
   b. Malaysia
   c. Pilipinas
   d. Thailan
3. Ano ang tawag sa mga pangkat na kilala sa pagpapalipat ng tirahan upang mangalap ng pagkain?
   a. Mangingisda
   b. Magpapalayok
   c. Nomads
   d. Hunters and Gatherers
4. Paano nailalabas ng mga katutubong tao sa Timog Silangang Asya ang kanilang katatagan sa harap ng pagbabago at globalisasyon,
   a. Sa pamamagitan ng pagtanggi sa anumang anyo ng pagbabago at globalisasyon, upang mapanatili ang kanilang tradisyonal na pamumuhay at kultura.
   b. Sa pamamagitan ng pagpapatibay ng ilang mga aspeto ng modernisasyon habang pinanatili ang mga kahalagahan at kaugalian mula sa kanilang kultura.
   c. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga protesta at pagkilos laban sa mga puwersa ng globalisasyon, na nagpapakita ng kanilang determinasyon sa pagtatanggol sa kanilang tradisyonal na pamumuhay.
   d. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga seremonya at ritwal na nagpapakita ng kanilang koneksiyon at pag-aalaga sa kalikasan, pati na rin ang kanilang kakayahan sa pag-aangkop sa pagbabago.
5. Alin sa sumusunod ang HINDI halimbawa ng pangkat etnolingwistiko sa Timog Silangang Asya?
   a. Igorot
   b. T'boli
   c. Ainu
   d. Hmong



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Tala para sa Guro:**

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaaring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.

**Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat)**

**Travel with Me**

Gumawa ng travel brochure o vlog/blog ukol sa isang bansa na napag aralan mo ngayon

**MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Markahan** | Una |
| **Linggo** | Pangalawa | **Araw** | Ikatlong Araw |
| **Pamagat/Paksa ng Aralin** | Pangkat Etnolinggwistiko sa sa Timog Silangang Asya (Mainland) | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**Pamagat/Paksa ng Aralin:**

Pangkat Etnolinggwistiko sa sa Timog Silangang Asya (Mainland)

**Pamantayan sa Pagkatuto:** Nasusuri ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa pangkatetnolinggwistiko, pananampalataya, estraturang panlipunan at ugnayang pangkapangyarihan.

**Layunin:** Nailalarawan ang Heograpiyang Pantao ng Timog Silangang Asya batay sa Pangkat Etnolinggwistiko (Mainland) Kagamitang Kailangan: Sangguniang Aklat, ppt. larawan, at video

**Laang-panahon para sa gawain:** Ang mga gawain ay kinakailangang maisagawa sa loob ng dalawang araw.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga panuto sa bawat gawain. Kung may mga bahagi ng panuto na hindi malinaw sa inyo, maaaring sabihin sa iyong guro o sa kasama sa gawain para sa karagdagang paliwanag. Sa gawaing na pang-grupo, mahalaga ang koordinasyon sa mga kasama sa proyekto. Tiyakin na magkatugma ang inyong mga plano at hakbang.

**Gawain 1: Iprofile Mo!**

**Panuto:** Itala ang mga bansa na matatagpuan sa Mainland Timog Silangang Asya. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| **Mga Bansa sa Mainland Timog Silangang Asya** |
|---|
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |

Ano -ano ang mga bansang matatagpuan sa Mainland Timog Silangang Asya?



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Gawain 2: Panuto: Basahin ang sumusunod na susing salita**

**Agraryo** - tumutukoy sa mga aspeto o ugnayan sa pagsasaka, lupain, at iba't ibang aspeto ng agrikultura

**Arkeolohiya** - agham panlipunan na nag-aaral ng mga natuklasang gawaing tao, artefakto, esraktura, at iba pang ebidensya mula sa mga nakaraang kultura at lipunan.

**pamilyang patrilinyal** - isang uri ng organisasyon ng pamilya kung saan ang mga desisyon, pamamahagi ng ari-arian, at iba pang aspeto ng buhay pamilya ay batay sa mga lalaki sa pamilya, partikular na sa pinakamatandang lalaki.

**nakaangat** - tumutukoy sa isang kalagayan kung saan ang isang bagay, tao, o konsepto ay mataas o itaas sa normal na posisyon o antas.

**lumisan** - tumutukoy sa pag-alis o paglayo mula sa isang tiyak na lugar, sitwasyon, o pangyayari.

**Gawain 3: Basahin ang teksto.**

**Alamin ang iba't ibang pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya.**

**Ang mga Pangkat-etnolingguwistiko ng Timog-Silangang Asya**

Bawat bansa sa Timog Silangang Asya ay binubuo ng maraming magkakaibang pangkatetnolinggwistiko. Sa Myanmar, makikita ang mga grupong Shan, Karen, Kachin, Burman, Achang, Padaung, at Kayah na kadalasang mga Buddhist. Sa Thailand naman, naroroon ang mga Miao, Mon, Thai, Ho, at Muong na nagmula sa China, habang ang mga Akha, Vietnamese, at Tsino mula sa Vietnam ay kasama rin sa halo-halong mga pangkat mula sa Indonesia. Sa Laos, ang 69 porsyento ng populasyon ay binubuo ng mga pangkat-etnikong Lao at mayroon ding walong porsyento ng Laoloum, Lao Soung, Hmong, Yao, Vietnamese, Tsino, at Thai. Sa Cambodia, mahigit sa 90 porsyento ng mamamayan ay mula sa pangkat-etnikong Khmer, at ang natitirang bahagi ay kinabibilangan ng mga Tsino, Vietnamese, Cham, at Khmer Loeu. Gayundin, ang populasyon ng Malaysia ay may kasamang iba't ibang pangkat ng Malay, Bumiputra sa Sabah at Sarawak, Bajaos, at Orang Asli. Sa Indonesia, ang pangunahing grupo ay ang mga Javanese, samantalang ang natitirang bahagi ay binubuo ng mga Austronesian-Malay at Madurese-Sudanese. Sa TimorLeste may magkakasamang mga pangkat ng Malayo-Polynesian, Melanesian, at Papuan. Ang pangkat-etnikong Tetum, na mula sa Malayo-Polynesian, ay bumubuo sa pinakamalaking bahagi ng pangkat-etniko sa Timor-Leste. Sa Brunei, ang mga pangkat-etniko ay kinabibilangan ng mga Malay at Tsino.

Ang mga Pangkat-etnolingguwistiko ng Timog-Silangang Asya Bawat bansa sa Timog Silangang Asya ay binubuo ng maraming magkakaibang pangkatetnolinggwistiko. Sa Myanmar, makikita ang mga grupong Shan, Karen, Kachin, Burman, Achang, Padaung, at Kayah na kadalasang mga Buddhist. Sa Thailand naman, naroroon ang mga Miao, Mon, Thai, Ho, at Muong na nagmula sa China, habang ang mga Akha, Vietnamese, at Tsino mula sa Vietnam ay kasama rin sa halo-halong mga pangkat mula sa Indonesia. Sa Laos, ang 69 porsyento ng populasyon ay binubuo ng mga pangkat-etnikong Lao at mayroon ding walong porsyento ng Laoloum, Lao Soung, Hmong, Yao, Vietnamese, Tsino, at Thai. Sa Cambodia, mahigit sa 90 porsyento ng mamamayan ay mula sa pangkat-etnikong Khmer, at ang natitirang bahagi ay kinabibilangan ng mga Tsino, Vietnamese, Cham, at Khmer Loeu. Gayundin, ang populasyon ng Malaysia ay may kasamang iba't ibang pangkat ng Malay, Bumiputra sa Sabah at Sarawak, Bajaos, at Orang Asli. Sa Indonesia, ang pangunahing grupo ay ang mga Javanese, samantalang ang natitirang bahagi ay binubuo ng mga Austronesian-Malay at Madurese-Sudanese. Sa TimorLeste may magkakasamang mga pangkat ng Malayo-Polynesian, Melanesian, at Papuan. Ang pangkat-etnikong Tetum, na mula sa Malayo-Polynesian, ay bumubuo sa pinakamalaking bahagi ng pangkat-etniko sa Timor-Leste. Sa Brunei, ang mga pangkat-etniko ay kinabibilangan ng mga Malay at Tsino.

Ang ilan sa mga ito ay ang wikang Asi. Ito ay wika ng mga taga Romblon na karaniwang gamit mga Bisaya kasama ng Romblomance Calatravanhon, Odionganon, Sibalenhon at Simaranhon. Ito ay ginagamit

sa mga pulo na kabilang sa Romblon tulad ng Tablas, Banton, Simara, at Maestre de Campo. Ang mga Negrito, Ayta, at Ati itinuturing na katutubong pangkatetniko.

Natuklasan na ang mga unang komunidad ng tao sa rehiyon ay nagmula sa Timog Asya na nagsasalita ng Austronesian o Austro-Asiatic, na dati'y tinatawag na Malayo-Polynesian. Mula rito, nagsimula ang pagbuo ng iba't ibang diyalekto na ginagamit sa Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Borneo, Timor-Leste, at iba pang mga bansa sa rehiyon.

Ayon sa mga eksperto sa arkeolohiya, ang mga grupo sa Malay Archipelago ay lumisan mula sa timog ng Tsina patungo sa Pilipinas, at sa mga sumunod na panahon ay lumaganap patungong Malaysia, Singapore, at Indonesia. Dahil sa pagiging agraryo ng mga lupain dito, karaniwan sa Timog Silangang Asya ang mga tahanang nakaangat sa kahoy na nakakabit sa mga poste, at ang pangunahing kabuhayan ay pagsasaka ng palay gamit ang araro. Ang palay ang pangunahing ani na tinatanim sa malawakang bukid na maaaring nasa patag o gilid ng mga bundok.

**Thailand:** Malalim ang impluwensiya ng Budismo sa bansa. Mahalagang bahagi ng kultura nila ang mga templo (wat).

**Cambodia:** Bagamat ang tradisyon ng Khmer Rouge ay nag-iwan ng malalim na epekto, patuloy pa rin ang mga tradisyunal na seremonya at kultura.

**Myanmar:** Malalim ang tradisyon ng pagsasaka at pangingisda sa Myanmar. May impluwensiya rin ng Budismo sa kanilang pangkabuhayan.

**Tanong:**

1. Ano ang komposisyon ng bawat bansa sa Timog Silangang Asya ayon sa pangkat-etniko?
2. Ano ang mga pangunahing pangkat-etniko na matatagpuan sa Myanmar? Ano ang kanilang karaniwang relihiyon?
3. Saan nagmula ang mga Miao, Mon, Thai, Ho, at Muong sa Thailand? Sino-sino naman ang kasama sa halo-halong mga pangkat mula sa Vietnam at Indonesia?
4. Ilang bahagdan ng populasyon ang binubuo ng mga pangkat-etnikong Lao at Laoloum, Lao Soung, Hmong, Yao, Vietnamese, Tsino, at Thai?
5. Sa Indonesia, aling pangkat-etniko ang bumubuo sa pinakamalaking bahagi ng populasyon? Sino naman ang iba't ibang pangkat sa bansang ito?

**Gawain 4: Let's Google Map**

Gamit ang google map, suriin ang heograpiyang pantao sa Pang-kontinenteng Timog Silangang Asya. Magtala ng ilang impormasyon sa sagutang papel at ibahagi ito sa klase.

**Gawain 5: Pangkat- etnolinggwistiko Research**

Pumili ng isang bansa sa Timog Silangang Asya at magsaliksik ukol dito. Ibahagi ang inyong pagkaunawa sa mga pangkat- etnolinggwistiko na ito, kanilang kultura, kasaysayan, at iba pang mahahalagang impormasyon.

**Gawain 6: Pangkat- etnolinggwistiko Pagpapakita**

**Panuto:** Bumuo ng presentasyon o maikling pagtatanghal tungkol sa pangkat-etnolinggwistiko, kung paano sila namuhay, at ang kanilang mga tradisyon.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Gawain 7: Larawan Saliksik**

**Panuto:** Hahatiin ng guro ang klase sa pangkat. Bawat pangkat ay maghahanap ng larawan na nagpapakita ng mga katangian ng pangkat-etnolinggwistiko sa Timog Silangang Asya (Mainland). Ilahad ito sa klase.

Pangkat 1 – Cambodia

Pangkat 2 – Thailand

Pangkat 3 – Vietnam

Pangkat 4 – Laos


Pangkat 5 - Myanmar

Pamprosesong Tanong:

May pagkakahalintulad ba o pagkakaiba ang kultura at tradisyon ng mga pangkat-etnolinggwistiko na inilahad ng bawat pangkat?

**Gawain 8: Fact storming Web**

**Panuto:** Itala sa fact storming web ang mga natutuhan sa Timog Silangang Asya batay sa pangkat-etnolinggwistiko.



**Gawain 9: Isabuhay**

**Panuto:** Sumulat ng pangako sa sagutang papel tungkol sa mga natutunan at mga kakayahan na magpapayaman sa anumang bagay na may kinalaman sa pangkat-etnolinggwistiko.

**Pagtataya/Repleksiyon**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang nag-udyok sa pagbuo ng iba't ibang diyalekto sa Timog Silangang Asya?
   a. Relihiyon c. Agraryo na pamumuhay
   b. Pagnanakaw ng teknolohiya d. Pag-usbong ng industriyalisasyon
2. Saang bansa nagsimula ang unang komunidad ng tao sa Timog Silangang Asya?
   a. China b. India c. Timog Asya d. Africa
3. Ano ang pangunahing ani na itinatanim na malawakang bukid sa Timog Silangang Asya?
   a. Gulay b. Palay c. Mais d. Tabako

4. Anong uri ng mga pangkat- etnolinggwistiko ang itinuturing na katutubong tao sa rehiyon?
    a. Negrito, Ayta, at Ati
    b. Malay at Tsino
    c. Javanese, Austronesian-Malay, at Madurese-Sudanese
    d. Javanese, Karen, at Kachin
5. Ano ang mga epekto ng pagiging agraryo ng mga lupain sa Timog Silangang Asya sa pamumuhay at kultura ng mga tao?
    a. Walang anumang epekto ang pagiging agraryo sa pamumuhay at kultura ng mga tao.
    b. Nagdulot ito ng pag-unlad ng modernong teknolohiya.
    c. Bumuo ito ng ugnayan ng tao sa kalikasan at nagbigay-daan sa mga ritwal at tradisyon.
    d. Ipinagkait nito ang pag-unlad ng kultura sa rehiyon.

**Tala para sa Guro:**
Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity/Work Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaaring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.

**MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Araling Panlipunan | **Markahan** | Una |
| **Linggo** | Pangalawa | **Araw** | Ikaapat na Araw |
| **Pamagat/Paksa ng Aralin** | Pangkat Etnolinggwistiko sa sa Timog Silangang Asya (Pagbubuod) | | |
| **Pangalan** | | **Baitang at Seksiyon** | |

**Pamagat/Paksa ng Aralin:**

Pangkat Etnolinggwistiko sa sa Timog Silangang Asya

**Pamantayan sa Pagkatuto:** Nasusuri ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa pangkatetnolinggwistiko, pananampalataya, estraturang panlipunan at ugnayang pangkapangyarihan.

**Layunin:** Nasusuri ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa Pangkat Etnolinggwistiko

**Kagamitang Kailangan:** Sangguniang Aklat, ppt. larawan, at video

**Laang-panahon para sa gawain:** Ang mga gawain ay kinakailangang maisagawa sa loob ng dalawang araw.

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga panuto sa bawat gawain. Kung may mga bahagi ng panuto na hindi malinaw sa inyo, maaaring sabihin sa iyong guro o sa kasama sa gawain para sa karagdagang paliwanag. Sa gawaing na pang-grupo, mahalaga ang koordinasyon sa mga kasama sa proyekto. Tiyakin na magkatugma ang inyong mga plano at hakbang.

**Gawain 1: Retrieval Chart**

Punan ang retrieval chart batay sa pagtalakay na isinagawa ngayong linggong ito:

Ipakita ito sa klase pagkatapos ng takdang oras. Pipili ang guro ng mag-uulat nito sa klase.



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| Timog Silangang Asya (Insular) | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Bansa** | **Mga Pangkat Etnolinggwistiko** | **Wika** | **Relihiyon** | **Pamumuhay (Tirahan, Kasuotan, tradisyon at iba pa)** |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

| Timog Silangang Asya (Mainland) | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Bansa** | **Mga Pangkat Etnolinggwistiko** | **Wika** | **Relihiyon** | **Pamumuhay (Tirahan, Kasuotan, tradisyon at iba pa)** |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

**Gawain 2: Slogan Making**

Gumawa ng slogan ukol sa kahalagahan ng mga pangkat etnolinggwistiko.

**Gawain 3: Doll Gallery**


Gamit ang mga manikang papel, ipakita ang iba't ibang pangkat etnolingwistiko sa Timog Silangan Asya. Ilarawan ang mga ito.

**Fact Storming Web**

Itala sa fact storming web ang natutuhan uko sa mga Pangkat Etnolingwistiko sa Timog Silangang Asya.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph



**Isabuhay:**

Ngayon ay natutunan mo ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya, ano ang kaya pa ninyong gawin upang mapagyaman ang anumang bagay na may kinalaman dito?

**Pagtataya/Repleksiyon**

Panuto: Basahin at sagutan ang sumusunod na tanong. Letra lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang nag-udyok sa pagbuo ng iba't ibang diyalekto sa Timog Silangan Asya?

a) Relihiyon

b) Pagnanakaw ng teknolohiya

c) Agraryo na pamumuhay

d) Pag-usbong ng industriyalisasyon

2. Saang bansa nagsimula ang unang komunidad ng tao sa Timog Silangang Asya?

a) China

b) India

c) Timog Asya

d) Africa

3. Ano ang pangunahing ani na itinatanim sa malawak na bukid sa Timog Silangang Asya?

a) Gulay

b) Palay

c) Mais

d) Tabako

4. Anong uri ng mga pangkat- etnoliggwietiko ang tinuturing na katutubong tao sa rehiyon?

a) Negrito, Ayta, at Ati

b) Malay at Tsino

c) Javanese, Austronesian-Malay, at Madurese-Sudanese

d) Javanese, Karen, at Kachin

5. Ano ang mga epekto ng pagiging agraryo ng mga lupain sa Timog Silangang asya sa pamumuhay at kultura ng mga tao?

a) Walang anumang epekto ang pagiging agraryo sa pamumuhay at kultura ng mga tao.

b) Nagdulot ito ng pagunlad ng modernong teknolohiya.

c) Bumuo ito ng ugnayan ng tao sa kalikasan at nagbigay-daan sa mga ritwal at tradisyon.

d) Ipinagkait nito ang pagunlad ng kultura sa rehiyon.

**Karagdagang Gawain:**

**Mapang Kultural**

Panuto: Lumikha ng mapang kultural ng iba't ibang pangkat etnolingwistiko sa Timog Silangang Asya. Pumili lamang ng isang pangkat etnolingwistiko. Ang bawat mag-aaral ay gagawa ng mapang kultural para sa kanilang napiling pangkat etnolingwistiko.

**Tala para sa Guro:**

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity/Work Sheet ay mga mungkahi lamang. Maaaring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph